UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
Lower Ground Floor, PHIVOLCS Bldg.
C.P. Garcia Ave., Diliman, Quezon City 1101
Tel.: 8927-2567, 8981-8500 loc. 4046; Tel. Fax: 8927-2568
E-mail: ovcrd@up.edu.ph; Website: http://www.ovcrd.upd.edu.ph

OFFICE OF THE VICE CHANCELLOR FOR RESEARCH AND DEVELOPMENT

MEMORANDUM BLG. GAC 21-009

PARA SA : **MGA DEKANO, DIREKTOR, PUNO NG MGA YUNIT, GURO, RESEARCH, EXTENSION and PROFESSIONAL STAFF (REPS)**

MULA KAY : **GONZALO A. CAMPOAMOR II, PhD**
Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

PAKSA : **Panawagan para sa Nominasyon sa *2021 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino***

PETSA : **23 Pebrero 2021**

Malugod po naming ibinabalita na bukas na para sa nominasyon ang *2021 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino.*

Lakip ang Pangkalahatang Pamantayan at Pormularyo ng Nominasyon. Mangyaring ipabatid ang mga sumusunod:

I. Minimum Criteria:

- Kinakailangang *full-time* at regular na fakulti o REPS na nagbibigay ng direktang serbisyo sa UP Diliman (halimbawa, hindi naka-Sabbatical o Study Leave)
- Kinakailangang naglilingkod sa UP Diliman nang hindi iigsi sa tatlong (3) taon (2018-2020)
- Kinakailangang hindi kailanman nahusgahang maysala ang nominado sa anumang opensang administratibo o kriminal na nauugnay sa moral na pagkakamali o sakaling may idinaraos na kasong administratibo o kriminal laban sa nominado, kinakailangang hindi siya nahusgahang maysala sa panahong siya ay nominado

II. Lahat ng nominasyon ay kailangang isumite sa Opisina ng Bise-Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad (ovcrd@up.edu.ph) sa o bago ang **ika-5:00 n.h., 9 Abril 2021**.

Para sa nominasyon, magsumite ng *soft copy* ng isang (1) kopya ng Pormularyo ng Nominasyon na may mga orihinal na lagda at kompletong kalakip na dokumento. Ang mga isinumiteng nominasyon na hindi kompleto ang mga kalakip na dokumento ay hindi tatanggapin bilang nominado.

Ang Pangkalahatang Pamantayan at Pormularyo ng Nominasyon ay maaaring i-download sa aming website http://www.ovcrd.upd.edu.ph/blog/2021/02/23/panawagan-para-sa-nominasyon-sa-2021-gawad-tsanselor-sa-natatanging-mananaliksik-sa-filipino/. Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnay kay Bb. Dulce Amor B. Verdolaga sa email: ovcrd@up.edu.ph.

Maraming salamat.

Binigyang sipi:
OC
OVCAA
OVCA
OVCCA
OVCPD
OVCSA